

Supply ng Tubig sa Iyong Pang-araw-araw na Buhay



- 1 Paggamit ng Tubig
- 2 Abisuhan Kami
- 3 Pagbayad sa Mga Singil sa Tubig at Sewage
- 4 Pagkalibre sa Mga Singil sa Tubig at Sewage
- 5 Pagbasa sa Statement of Account ng Serbisyo ng Tubig
- 6 Maging Maingat sa Mga Nakakahamak na Door-to-Door na Pagbenta
- 7 Makipagtulungan Hinggil sa Mga Pagbasa sa Metro ng Tubig
- 8 Paghanap at Pag-asikaso sa isang Tagas ng Tubig
- 9 Kapag Pumalya ang Supply ng Tubig

Pitchan Potchan
Guidebook

Espesyal
na Edisyon



[Wa-tan]

Mga Sewer sa Iyong Pang-araw-araw na Buhay

- 1 Ang Papel ng Sewer System
- 2 Kapag May Problema
- 3 Pangalagaan ang Sewer System

Makipag-ugnayan sa Amin

- 1 Makipag-ugnayan sa Amin Tungkol sa Sewer System
- 2 Makipag-ugnayan sa Amin Tungkol sa Supply ng Tubig



[Kappi]

Supply ng Tubig sa Iyong Pang-araw-araw na Buhay



Paggamit ng Tubig

Ang paggamit ng tubig ay batay sa “Kawasaki City Waterworks Ordinance”. Pakitandaan ang sumusunod bago gumamit ng tubig.

- Kinakalkula ang mga singil sa tubig batay sa mga pagbasa sa metro na kinukuha bawat 2 buwan (bawat buwan sa kaso ng “buwanang pagbasa sa metro”) at dapat magbayad bawat 2 buwan (bawat buwan sa kaso ng “buwanang pagbasa sa metro”).
- Kapag nagsimula o huminto ka sa paggamit ng tubig sa kalagitnaan ng buwan, kakalkulahin ang singil batay sa bilang ng mga buwan.
- Kapag hindi alam ang dami ng tubig dahil may sira ang metro, atbp., kinakalkula ang isang tantsang singil.
- Kung hindi makakabayad sa loob ng isang partikular na yugto, maaaring ihinto ang iyong supply ng tubig.
- Sa kaso ng isang sakuna o hindi maiwasang sitwasyon, maaaring ihinto ang supply ng tubig at limitahan ang paggamit nito.
- Batay sa Artikulo 36 ng Kawasaki City Waterworks Ordinance, maaaring kailanganin mong magbayad ng multa kung gagamit ka ng tubig nang walang pahintulot.

2 Abisuhan Kami

Dapat mong abisuhan ang **Waterworks Customer Service Center** sa mga sumusunod na sitwasyon. Kapag aabisuhan kami, ipaalam sa amin ang numero ng supply ng tubig na nakalista sa “Statement of Account ng Serbisyo ng Tubig” na ibinigay sa iyo noong binasa ang metro. Palaging makipag-ugnayan sa amin 4 hanggang 5 araw bago mo gustong kanselahin ang koneksyon sa tubig.

■ Kapag nagsimula kang gumamit ng tubig [Form sa pag-apply para sa koneksyon sa tubig]



- Kapag naglilipat-bahay
- Kapag nagtatayo ng bagong bahay o nagre-renoate

Kapag gusto mong gumamit ng tubig, ilagay ang mga detalye tulad ng iyong pangalan at petsa ng pagsisimula ng koneksyon sa “Form sa pag-apply para sa koneksyon sa tubig” at pagkatapos ay ipadala ang form sa kalakip na ibabalik na sobre.

Kung gusto mong ipadala ang abiso ng pagbabayad sa isang address na iba sa address kung saan ginagamit ang tubig, ilagay ang billing address sa nakalaang seksyon sa form.

■ Pagkansela sa koneksyon sa tubig [Form ng abiso ukol sa pagsuspende/pagkansela]

- Kapag naglilipat-bahay
- Kapag gusto mong pansamantalang ihinto ang koneksyon sa tubig dahil sa pag-renoate sa bahay o pag-alis nang matagal
- Kapag pinutol ang koneksyon sa tubig dahil sa pagpapa-demolish ng bahay, atbp.

*Aalisin namin ang metro ng tubig kung ang lupa ay magiging bakanteng lote.

■ Maaari kang mag-apply upang simulan/ kanselahin ang koneksyon sa tubig online

*Hindi magagawa online ang mga aplikasyon sa pag-transfer sa account.

Kawasaki City Waterworks Bureau

[Maghanap](#)



■ Para sa anumang iba pang pagbabago [Form ng abiso ukol sa pagbabago]

- Kapag nagbago ang pangalan ng contractor o ang may-ari
- Kapag gusto mong palitan ang billing address
- Kapag nagbago ang bilang ng mga pamilya sa mga apartment sa isang apartment building (kung saan iisa ang metro ng tubig)



Pagbayad sa Mga Singil sa Tubig at Sewage

■ Pagbabayad sa pamamagitan ng pag-transfer sa account

- Awtomatikong magbayad mula sa iyong bank account.
- Isang madaling paraan upang magbayad at makatipid ng oras.
- Kapag maglilipat-bahay sa loob ng lungsod, maaari mong patuloy na gamitin ang parehong account sa pag-transfer upang magbayad.
- Nata-transfer ang bayad sa ika-11 ng buwan kasunod ng buwan ng pagbasa sa metro (o sa susunod na araw ng trabaho kung matatapat sa Sabado, Linggo, o pista opisyal ang ika-11).

*Kung hindi ma-transfer ang bayad dahil sa kulang na pondo, muli itong ita-transfer sa ika-28 (o sa susunod na araw ng trabaho kung matatapat sa Sabado, Linggo, o pista opisyal ang ika-28). (Tandaan na maaaring hindi posibleng muling mag-transfer para sa ilang customer).

Madali ang pag-apply.

Mag-apply para sa madaling pag-transfer sa account na ito kapag nag-a-apply rin para sa koneksyon sa tubig!

□ Paano mag-apply

- Kapag nag-a-apply sa panahon ng pagsisimula ng koneksyon sa tubig, ilagay ang mga kinakailangang seksyon ng kalakip na “Form ng kahilingan sa pag-transfer sa bangko,” tatakan ang form gamit ang selyo ng iyong bankbook at ipadala ito kasama ng “Form sa pag-apply para sa koneksyon sa tubig” sa ibabalik na sobre.

*Kapag ipinadala mo ito sa kalakip na ibabalik na sobre, ihahatid ito ng Waterworks Bureau sa pasilidad ng bangko para sa iyo. Tandaang aabutin nang ilang araw bago makumpleto ang proseso.

- Maaari ka ring mag-apply sa pasilidad ng bangko (limitado sa mga pasilidad ng bangko na may head office o branch office na mahahanap sa lungsod. Makipag-ugnayan sa iyong pasilidad ng bangko para sa mga detalye.) Dalhin ang iyong bankbook, personal na selyo, at isang item na ipinapakita ang numero ng iyong supply ng tubig (tulad ng Statement of Account ng Serbisyo ng Tubig).
- Kapag maglilipat-bahay lang sa loob ng lungsod, maaari mong gamitin ang parehong account sa pag-transfer pagkatapos lumipat. Upang patuloy na gamitin ang parehong account sa pag-transfer, makipag-ugnayan sa amin o punan ang seksyong kinakailangan upang ituloy ang pag-transfer sa account sa kalakip na “Form sa pag-apply para sa koneksyon sa tubig” at ipadala ito sa amin.

*Mahalaga

- Huwag isara ang bank account na ginagamit upang magpatuloy sa pagbabayad.
- Gamitin ang pangalan ng customer na pareho sa pangalang ginamit bago lumipat.
- Nakasaad sa Statement of Account ng Serbisyo ng Tubig ang numero ng supply ng tubig at pangalan ng customer na ginamit bago lumipat.

3 Supply ng Tubig sa Iyong Pang-araw-araw na Buhay

■ Pagbabayad gamit ang abiso ng pagbabayad

Magpapadala kami ng “Abiso ng bill ng singil sa tubig” kapag nabasa ang metro. Pakikuha ang kalakip na abiso ng pagbabayad at ibayad ang halagang ipinapakita sa alinman sa mga lokasyong nakalista sa likod ng sobre bago ang takdang petsa. Kung mayroon kang anumang tanong, makipag-ugnayan sa Waterworks Customer Service Center.

■ Pagbabayad sa pamamagitan ng credit card

- Magbayad gamit ang iyong credit card.
- Isang madaling paraan upang magbayad at makatipid sa oras.
- Kapag maglilipat-bahay sa loob ng lungsod, maaari mong patuloy na gamitin ang parehong credit card upang magbayad.

*Maaari kang magbayad sa pamamagitan ng credit card kung naa-access mo ang Internet gamit ang isang computer, tablet, o smartphone.
Tandaang nalilimitahan ito sa mga abiso ng pagbabayad na may “credit payment number.”

*Hindi posible ang pag-apply sa pamamagitan ng cell phone (feature phone).

■ Pagbayad sa mga singil sa sewage

Binabayaran ng mga customer na gumagamit sa sewer system ang mga singil sa sewage kasama ang mga singil sa tubig.

Nagsasagawa kami ng mga on-site na pagsusuri upang tingnan kung nakakonekta ka sa pampublikong sewer system.

Kung hindi ka nakakonekta sa pampublikong sewer system, hindi ka magbabayad ng mga singil sa sewage. Kung mayroon kang anumang tanong, makipag-ugnayan sa amin sa ibaba.

Sewage Charges Staff
044-200-2872





Pagkalibre sa Mga Singil sa Tubig at Sewage

Kung tumutugma ang customer ng supply ng tubig o ang isang kapamilya sa alinman sa sumusunod, pinapayagan sila ng system na hindi pagbayarin sa bahagi ng mga singil sa tubig at sewage kung mag-a-apply.

- May pisikal Isang tao na may certificate ng pisikal na kapansanan na may grade 1 o 2 na kapansanan.
- May kapansanan Isang tao na may IQ na mas mababa sa 35 gaya ng natukoy ng isang child guidance center o isang rehabilitation counseling center para sa may kapansanan sa pag-iisip.
- Indibidwal na Isang tao na may certificate ng pisikal na kapansanan na may grade 3 na kapansanan at may IQ na mas mababa sa 50 gaya ng natukoy ng isang child guidance center o isang rehabilitation counseling center para sa may kapansanan sa pag-iisip.
- Matandang Isang tao na mas matanda sa 65 taong gulang na nakatira sa bahay na awtorisadong tumanggap ng pangangalaga ng nars na grade 4 o 5 batay sa Certification of Needed Long-Term Care.

Makipag-ugnayan sa Health and Welfare Center sa iyong ward o sa District Health and Welfare Station para sa mga detalye tungkol sa mga proseso ng pag-apply.

*Dapat mag-apply para sa pagkalibre sa bawat lokasyong gumagamit ng tubig. Tandaang kailangan mo pa ring mag-apply muli kahit na maglilipat-bahay ka lang sa loob ng Lungsod ng Kawasaki.

Ang iyong ward		Taong nag-aasikaso sa kapansanan	Taong nag-aasikaso sa matanda
Ward ng Kawasaki	Distrito ng Kawasaki	044-201-3215	044-201-3080
	Distrito ng Daishi	044-271-0162	044-271-0157
	Distrito ng Tajima	044-322-1984	044-322-1986
Ward ng Saiwai		044-556-6654	044-556-6619
Ward ng Nakahara		044-744-3265	044-744-3217
Ward ng Takatsu		044-861-3252	044-861-3255
Ward ng Miyamae		044-856-3304	044-856-3242
Ward ng Tama		044-935-3302	044-935-3266
Ward ng Asao		044-965-5159	044-965-5148

5 Supply ng Tubig sa Iyong Pang-araw-araw na Buhay



Pagbasa sa “Statement of Account ng Serbisyo ng Tubig”

使用水量のお知らせ (隔月制)			① 水道番号 1 2 3 4 5 6 7 8			② 水道料金等口座振替済みのお知らせ (前回分)																								
水道 太郎 様 川崎区宮本町 1 番地			クレジットカード納付用番号			水道 太郎 様																								
			納付番号 ⑩ 12345678001			水道番号 12345678																								
			確認番号 12345678901			振替年月日 平成26年6月11日																								
③ 検針年月日 平成26年7月7日			種別 一般			使用戸数 1																								
			④ 下水			④ 取納方法 口座																								
今回指針 (観)		1547		(予)		引上指針																								
前回指針		1507				前回指針																								
差引水量 (1)		40 m ³		(2)		取替までの水量 (3)		(4) m ³																						
(1)+(2)+(3)+(4)																														
合計水量																														
<取替前のメータ水量等> 水道料金等のお知らせ																														
平成26年6・7月分 (5月7日～7月7日)																														
⑤ 使用水量		40 m ³		水道料金		4,449 円																								
				内消費税等相当額		329 円																								
⑥ 前年同期使用水量		37 m ³		下水道使用料		4,233 円																								
				内消費税等相当額		313 円																								
				⑦ 合計金額		8,682 円																								
				内消費税等相当額		642 円																								
⑧ 今回の料金の振替日(納期限)は8月11日です。																														
⑨ 次の検針予定日は平成26年9月8日です																														
発行 平成26年7月7日 川崎市上下水道事業管理者			<table border="1" style="width: 100%; border-collapse: collapse;"> <tr> <td colspan="3" style="text-align: center;">水道 太郎 様</td> </tr> <tr> <td>水道料金</td> <td colspan="2" style="text-align: right;">3,450 円</td> </tr> <tr> <td>内消費税等相当額</td> <td colspan="2" style="text-align: right;">164 円</td> </tr> <tr> <td>下水道使用料</td> <td colspan="2" style="text-align: right;">3,309 円</td> </tr> <tr> <td>内消費税等相当額</td> <td colspan="2" style="text-align: right;">157 円</td> </tr> <tr> <td>合計金額</td> <td colspan="2" style="text-align: right;">6,759 円</td> </tr> <tr> <td>内消費税等相当額</td> <td colspan="2" style="text-align: right;">321 円</td> </tr> </table> <p style="text-align: center;">上記の金額をご指定の口座から振替させていただきます。 川崎市上下水道事業管理者</p>							水道 太郎 様			水道料金	3,450 円		内消費税等相当額	164 円		下水道使用料	3,309 円		内消費税等相当額	157 円		合計金額	6,759 円		内消費税等相当額	321 円	
水道 太郎 様																														
水道料金	3,450 円																													
内消費税等相当額	164 円																													
下水道使用料	3,309 円																													
内消費税等相当額	157 円																													
合計金額	6,759 円																													
内消費税等相当額	321 円																													

- ① Numero ng supply Tinutukoy ng numerong ito ang lokasyon ng bawat equipment ng supply ng tubig at nagbibigay-daan sa amin ito upang mabilis na makatugon sa mga tanong ng customer. Sabihin sa amin ang numerong ito kapag nakikipag-ugnayan sa amin.
- ② Statement Nagpapakita ng statement ng mga singil sa tubig na nai-transfer sa account at nagsasaad ng gabay para sa mga customer.
- ③ Petsa ng pagbasa Petsa kung kailan tiningnan ng inspector ang metro ng customer. sa metro
- ④ Paraan ng pagbabayad Ipinapakita ang kasalukuyang paraan ng pagbabayad ng customer.
- ⑤ Dami ng nagamit na tubig ... Dami ng nagamit na tubig sa panahong ito.
- ⑥ Dami ng tubig na nagamit ... Nagbibigay-daan sa iyong suriin kung paano ka gumagamit ng tubig sa pamamagitan ng paghahambing sa dami ng tubig na nagamit sa panahong ito at sa parehong yugto noong nakaraang taon.
- ⑦ Kabuuang halaga Singil para sa dami ng nagamit na tubig sa panahong ito.
- ⑧ Tungkol sa singil na ito Isinasaad ang petsa ng pag-transfer sa account para sa customer na nagbabayad sa pamamagitan ng pag-transfer sa account at ang petsa ng settlement para sa customer na nagbabayad sa pamamagitan ng credit card.
- ⑨ Susunod na nakaiskedyul na ... Ito ang susunod na nakaiskedyul na petsa ng pagbasa sa metro. petsa ng pagbasa sa metro
- ⑩ Numero ng pagbabayad Ginagamit kapag nagbabayad sa pamamagitan ng credit card. sa credit card



Maging Maingat sa Mga Nakakahamak na Door-to-Door na Pagbenta!!

Madalas na nagaganap ang mga insidente ng mga indibidwal na nagpapanggap na miyembro ng Waterworks Bureau.

- Sinusuri lang namin ang kalidad ng tubig kapag hiniling ito ng customer.
- Hindi ka sisingilin para sa pagpapalit/pagsisiyasat ng metro, pagsusuri sa tagas, o pagsusuri sa kalidad ng tubig.
- Hindi kami kailanman nagbebenta ng mga water purification system.

■ Tingnan ang mga damit sa trabaho na sinusuot ng mga contractor ng Waterworks Bureau sa aming homepage.

Homepage ng Kawasaki City Waterworks Bureau

Kawasaki City Waterworks Bureau

Maghanap



Makipagtulungan upang Magbigay-daan sa Mga Tama at Mabilis na Pagbasa sa Metro


- Huwag maglagay ng mga gamit sa ibabaw ng meter box.
- Itali ang iyong aso nang malayo sa meter box at pasukan ng lugar mo.
- Palaging panatilihing malinis ang loob ng meter box.





Paghanap ng Tagas ng Tubig

Kapag napakalaki ang itinaas ng dami ng nagamit na tubig kumpara sa karaniwan, posibleng mayroong tagas ng tubig. Madali mong masusuri kung may mga tagas ng tubig gamit ang paraan sa ibaba.



■ Paano magsuri

Kapag gumagamit ng tubig, umiikot ang water meter pilot.

Kung umiikot ang pilot kahit hindi ka gumagamit ng tubig (nakapatay ang lahat ng gripo at walang toilet na fina-flush), maaaring mayroong tagas sa pagitan ng metro at mga gripo.

Pilot Umiikot kapag gumagamit ng tubig.

*Walang pilot ang ilang metro.



Kapag Pumalya ang Supply ng Tubig

■ Mga pagkukumpuni sa tagas ng tubig na isinasagawa ng Waterworks Bureau

Ayon sa tuntunin, ang mga tagas ng tubig sa kalsada ay kinukumpuni ng Waterworks Bureau ngunit ang mga tagas ng tubig sa loob ng mga residential area ay nahahati kung nasa loob ito ng lugar ng trabaho ng Waterworks Bureau (libreng pagkumpuni) o hindi nakabatay sa bahaging may tagas ng tubig.

Pakitingnan ang homepage ng Waterworks Bureau o makipag-ugnayan sa Waterworks Customer Service Center para sa mga detalye.

Waterworks Customer
Service Center
(available 24/7)

Libre  0120-014-734

■ Mga pagsusuri sa tagas ng tubig

Makipag-ugnayan sa Waterworks Customer Service Center kapag hindi mo alam kung ang bahaging may tagas ng tubig ay nasa lugar ng trabaho ng Waterworks Bureau (upang makatanggap ng mga libreng pagkukumpuni) dahil nagkaroon ng tagas sa tubo ng tubig na nakabaon sa ilalim ng lupa. Bibisita ang isang contractor mula sa Waterworks Bureau upang isagawa ang pagsusuri.

■ Pag-apply para sa mga libreng pagkukumpuni sa lugar ng trabaho ng Waterworks Bureau

Makipag-ugnayan sa Waterworks Customer Service Center. Makikipag-ugnayan sa iyo ang isang contractor mula sa Waterworks Bureau. Pakitandaan din ang sumusunod.

- Kung direktang hihilingin ng customer sa isang nakatalagang kumpanya sa pag-install ng equipment ng supply ng tubig na magsagawa ng mga pagkukumpuni sa isang lugar ng trabaho ng Waterworks Bureau (para sa mga libreng pagkukumpuni), aakuin ng customer ang gastos.
- Ang trabaho ng pag-restore sa mga residential area ay ginagawa lang sa semento (sa lalim na 5 cm) o aspalto (sa lalim na 5 cm). Ang mga high-grade na tile o katulad nito ay hindi papalitan. Pakiunawa na walang pananagutan ang Waterworks Bureau para sa anumang problemang mangyayari sa mga puno at halaman nang dahil sa pagbungkal sa lupa.
- Maaaring hindi magawa ng Waterworks Bureau na magkumpuni ng mga tagas ng tubig sa lugar kung saan ang mga pagkumpuni sa tagas ay isinasagawa nang libre. Sa ganoong sitwasyon, dapat hilingin ng customer sa isang nakatalagang kumpanya ng pag-install ng equipment ng supply ng tubig na isagawa ang mga pagkukumpuni.
 - (1) Kapag natukoy na mahirap magsagawa ng mga pagkukumpuni dahil sa mga sagabal (tulad ng mga bato sa hardin, puno, at gate).
 - (2) Kapag natukoy na mahirap magsagawa ng mga pagkukumpuni dahil sa pagkakaroon ng mga retaining wall at waterway.
 - (3) Kapag sadya itong sinira ng customer o may-ari ng equipment ng supply ng tubig.
 - (4) Dahil sa sobrang kapabayaang ng customer o may-ari ng equipment ng supply ng tubig.
 - (5) Kapag nagkaroon ng pinsala habang ini-install ang equipment ng supply ng tubig o iba pang trabahong pangkonstruksyon (pinsala sa panahon ng trabahong pangkonstruksyon).





■ Mga pagkukumpuning pinananagutan ng customer sa labas ng lugar ng trabaho ng Waterworks Bureau

Magbibigay ang Waterworks Customer Service Center ng mga detalye ng mga nakatalagang kumpanya sa pag-install ng equipment ng supply ng tubig. Pakihiling ang mga pagkukumpuni pagkatapos humingi sa kanila ng mga pagtatantya. Kung nakatira ka sa isang condominium o apartment, makipag-ugnayan sa supervisor o may-ari.



Ang mga equipment ng supply ng tubig (tulad ng mga tubo ng tubig at gripo) ay pag-aari ng customer. Dapat pangalagaan ng customer o may-ari ang equipment.

■ Mga karaniwang item na hindi nasasaklawan ng mga libreng pagkukumpuni sa loob ng lugar ng trabaho ng Waterworks Bureau

	Lokasyon ng pagpalya	Kanino makikipag-ugnayan para sa mga pagkukumpuni
Gripo		<u>Nakatalagang kumpanya sa pag-install ng equipment ng supply ng tubig</u>
Inidorong may flush		Makipag-ugnayan din sa nagmanupaktura at kumpanya ng maintenance kung may mga nasirang espesyal na piyesa o fixture dahil iba ang mga ito sa karaniwang pagpalya ng supply ng tubig.
Water heater		
Solar water heater		Dealer ng nagmanupaktura sa equipment
Equipment ng supply ng tubig mula sa mga tangke ng tubig sa mga gusali at condominium		Makipag-ugnayan sa supervisor o may-ari.

■ Ano ang gagawin sa mga emergency (kapag may tagas sa pagitan ng metro ng tubig at gripo)

Kapag gusto mong pansamantalang ihinto ang tagas ng tubig sa pagitan ng metro ng tubig at gripo, pihitin ang shut-off valve ng metro sa loob ng meter box papuntang “Off.” Kapag in-off ang shut-off valve ng metro, mao-off ang lahat ng tubig na inihahatid sa iyong tirahan. Suriin upang matiyak na huminto na ang pagtagas ng tubig. Makipag-ugnayan sa iyong pinakamalapit na nakatalagang kumpanya sa pag-install ng equipment ng supply ng tubig upang makumpuni ang tagas sa pagitan ng metro ng tubig at gripo (may bayad).



Mga Sewer sa Iyong Pang-araw-araw na Buhay




1

Ang Papel ng Sewer System

May ginagampanang mahalagang papel sa pagpapanatili ng maginhawang tirahan ang sewer system.

Gumagawa ng malilinis at magagandang lungsod

Direktang dumadaloy ang maruming tubig sa mga tubo ng sewer, at napapanatili nitong malinis ang mga kanal, nang hindi na nangangailangan ng mga sewer ditch, at gumagawa ito ng malilinis na lungsod na walang masamang amoy, lamok, o langaw.



Malilinis na lungsod

Napoprotektahan ang mga lungsod sa baha

Naaalis din ng mga tubo ng sewer ang tubig ulan. Napoprotektahan ang mga lungsod sa mga baha sa gusali at kalsada kahit sa panahon ng malakas na buhos ng ulan.



Ligtas habang umuulan

Naipapanumbalik ang mga ilog at dagat


Nililinis ang maruming tubig mula sa mga bahay at pabrika na nakolekta sa mga tubo ng sewer sa mga planta ng sewage treatment at pinapakawalan ito sa mga ilog at dagat upang protektahan ang kalikasan.



Naipapanumbalik ang mga ilog at dagat

Makakagamit ka ng mga inidorong may flush

Mabubuhay ka nang malinis at maginhawa nang walang masamang amoy gamit ang mga inidorong may flush.



Mga preskong inidorong may flush

2

Kapag May Problema

Kapag may bara ang iyong mga drainpipe

Para sa mga residential area (equipment ng drainage)

Dapat pangalagaan ng bawat sambahayan ang equipment. Makipag-ugnayan sa isang kumpanya ng plumbing na nagsasagawa ng trabaho sa mga drainpipe.

Kung hindi mo alam ang kanilang mga detalye, tawagan ang Kawasaki City Plumbing, Heating and Air-conditioning Constructors Association (☎0120-320-419) para sa tulong. Ibibigay nila ang mga detalye ng iyong pinakamalapit na contractor.



Kapag nasa mga pampublikong kalsada (pampublikong sewer system)

Pinapamahalaan ng lungsod. Makipag-ugnayan sa sewer system (management) office sa iyong distrito. (Nakalista ang mga detalye sa pakikipag-ugnayan sa likod)



Pakisubukan ang mga sumusunod

Kapag may bara ang drainage sa iyong kusina o banyo

- Mayroon bang anumang duming naiipon sa paligid ng butas ng drain?
- Punuin ng tubig at gumamit ng plunger upang puwersahin ang tubig nang ilang ulit hanggang sa dumaloy sa tubo.



Kapag may masamang amoy na nagmumula sa butas ng drain

- May trap na mahahanap direkta sa ilalim ng butas ng drain sa kusina o lababo. Buksan ang tubig upang maipon ito sa loob ng trap.



Kung hindi mapapabuti ng mga paraan sa itaas ang sitwasyon, tumawag ng nakatalagang kumpanya ng plumbing para sa tulong.

3

Pangalagaan ang Sewer System

Gumamit ng toilet paper



Babara sa inidoro ang diyaryo, mga disposable na diaper, at basura tulad ng chewing gum at sigarilyo.

Huwag magtapon ng gamot



Ang petroleum tulad ng gasolina at gamot ay hindi lang nakakasira sa mga tubo ng sewer kundi maaari ding magsanhi ang mga ito ng pagsabog o sunog.

Huwag magtapon ng mantika sa mga drain



Lalamig at titigas ito sa loob ng mga tubo ng sewer, at magdudulot ito ng bara at mapipigilang dumaloy ang sewage.

Huwag magtapon ng basura sa mga drain ng kusina



Magdudulot ng bara sa mga drainpipe at sewer pipe ng iyong bahay ang pagtapon ng mga tira-tirang pagkain at gulay sa butas ng drain.

Huwag magtapon ng basura sa mga kanal o drain sa kalsada



Mababarahan ang mga tubo ng sewer at babahain ng tubig ulan ang mga kalsada kapag nagtapon ng basura sa mga drain ng kalsada. Maaari din itong magsanhi ng pag-anod ng basura sa dagat at mga ilog kapag umulan.

Paggamit ng waste disposal unit

Pinipira-piraso nang maliliit ng isang waste disposal unit ang basura sa kusina at fina-flush nito ito sa mga tubo ng sewer kasama ang tubig. Gayunpaman, nagsasanhi ito ng mga bara at masamang amoy sa mga tubo ng sewer. (Hindi maaaring gamitin ang isang waste disposal unit nang wala itong kasama). Kapag nagpaplanong mag-install ng waste disposal unit drainage treatment system, makipag-ugnayan sa iyong sewer system (management) office sa Waterworks Bureau.

[Para sa customer na gumagamit ng iba pang tubig maliban sa tubig sa gripo, tulad ng tubig sa balon (tubig sa ilalim ng lupa) o tubig ulan at dinidiskarga ito sa pampublikong sewer system]

Kung gumagamit ka ng tubig sa balon (tubig sa ilalim ng lupa) sa iyong bahay, pabrika, hotel, o pampublikong paliguan at idine-drain ito sa pampublikong sewer system, pagbabayaran ka para sa mga singil sa sewage. Kung hindi ka nakapagsumite ng form sa pag-apply upang gamitin ang pampublikong sewer system o form sa pag-apply para sa pangkalahatang awtorisasyon, pakitingnan ang listahan ng contact at tawagan ang seksyong namamahala.

Makipag-ugnayan sa Amin



Makipag-ugnayan sa Amin Tungkol sa Sewer System



Listahan ng contact

Mga detalye ng tanong	Departamento ng pangangasiwa	Numero ng telepono
● Singil sa serbisyo ng sewage	Seksyon ng Pamamahala sa Negosyo at Serbisyo	044 (200) 2872
● Subsidy/loan para sa paglipat sa inidorong may flush	Seksyon ng Pamamahala ng Sewage	044 (200) 2922
● Pagpalya sa pagitan ng isang connection chamber at sewer	[Nangangasiwang rehiyon]	
● Pagtugon sa isang pribadong kalsada, pagsasaayos ng pribadong sewer	[Ward ng Kawasaki, Ward ng Saiwai] Southern Kawasaki Sewerage Office	044 (344) 4866
	[Ward ng Nakahara, Ward ng Takatsu] Central Kawasaki Sewerage Office	044 (751) 2966
	[Ward ng Miyamae] Western Kawasaki Sewerage Management Office	044 (852) 5131
● Mga tala sa trabaho sa sewer	[Ward ng Tama, Ward ng Asao] Northern Kawasaki Sewerage Management Office	044 (954) 0208
● Kalidad ng na-treat na wastewater	Seksyon ng Kalidad ng Sewage na Tubig	044 (200) 2878
● Pag-abiso tungkol sa wastewater ng planta/pabrikang mga pamantayan sa pagdiskarga sa sewerage, atbp.		
● Nabarahang kanal at storm water inlet ng kalsada	Seksyon ng Pag-develop sa Center ng Pamamahala sa Mga Kalsada at Parke ng Opisina ng Ward ng Kawasaki	044 (244) 3206
	Seksyon ng Pag-develop sa Center ng Pamamahala sa Mga Kalsada at Parke ng Opisina ng Ward ng Saiwai	044 (544) 5500
	Seksyon ng Pag-develop sa Center ng Pamamahala sa Mga Kalsada at Parke ng Opisina ng Ward ng Nakahara	044 (788) 2311
	Seksyon ng Pag-develop sa Center ng Pamamahala sa Mga Kalsada at Parke ng Opisina ng Ward ng Takatsu	044 (833) 1221
	Seksyon ng Pag-develop sa Center ng Pamamahala sa Mga Kalsada at Parke ng Opisina ng Ward ng Miyamae	044 (877) 1661
	Seksyon ng Pag-develop sa Center ng Pamamahala sa Mga Kalsada at Parke ng Opisina ng Ward ng Tama	044 (946) 0044
	Seksyon ng Pag-develop sa Center ng Pamamahala sa Mga Kalsada at Parke ng Opisina ng Ward ng Asao	044 (954) 0505
● Pagpalya ng inidorong may flush o drain pipe sa lupa ng pabahay	Nakatalagang kumpanya ng sewer sa pag-install ng mga pasilidad ng drainage o Kawasaki Plumbing Heating and Air-conditioning Constructor's Association	[Kawasaki Plumbing Heating and Air-conditioning Constructor's Association] ☎ 0120(320)419

Mahalaga!

Mag-ingat sa mga kahina-hinalang tawag sa telepono na humihingi sa iyo ng personal na impormasyon

Mag-ingat dahil nagkaroon kamakailan ng mga kaso kung saan humihingi sa iyo ang mga tumawag na nagpapanggap na mga empleyado ng lungsod ng personal na impormasyon habang nagsasalita tungkol sa "mga survey ukol sa trabahong pangkonstruksyon ng sewer system."

Kung pinaniniwalaan mong kahina-hinala ang tawag, makipag-ugnayan sa pinakamalapit na sewer system (management) office o sa Sewage Charges Staff.

Mag-ingat sa mga kontrata sa paglilinis ng drainpipe

Kamakailan, mayroong mga contractor na bumibisita sa iyong bahay at iminumungkahi sa iyo na magsiyasat at maglinis ng mga drainpipe sa mga residential area. Nagpapanggap ang ilan sa mga contractor na ito na hiniling sa kanila ng opisina ng lungsod na isagawa ang pagsisiyasat at sasabihin nilang masama ang kundisyon ng mga drainpipe. Mayroong mga may-ari ng bahay na nabiktima nito pagkatapos lumagda ng kontrata para sa hindi mahalagang paglilinis at tumanggap ng bill para sa malaking halaga ng pera.

Hindi namin hinihiling sa mga contractor na magsiyasat at maglinis ng mga tubo ng sewer sa mga residential area sa lungsod. Kung kinakailangan mong malinis ang mga tubo ng sewer sa isang residential area, ihambing ang mga detalye ng trabaho at presyo sa isa pang contractor at pag-isipang mabuti kung ano ang gagawin.



Makipag-ugnayan sa Amin Tungkol sa Supply ng Tubig

■ Huwag kalimutan ang iyong numero ng supply ng tubig ng customer kapag nakikipag-ugnayan sa amin!

Kapag nagtatanong tungkol sa mga singil o kapag naglilipat-bahay, sabihin sa amin ang numero ng iyong supply ng tubig na nakalista sa “Statement of Account Serbisyo ng Tubig” na ibinigay sa iyo noong binasa ang metro o nasa isang resibo.

■ Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Waterworks Customer Service Center (sa lahat ng lugar sa lungsod ng Kawasaki)

○ Para sa mga tanong tungkol sa paglilipat-bahay, mga singil, at iba pa

TEL : 044 – 200 – 3548 FAX : 044 – 200 – 0041

*8:30 am hanggang 8 pm (7 araw bawat linggo)

Email : kawasaki@jousesui.jp

○ Para sa mga tanong tungkol sa mga pagkukumpuni

TEL : 0120 – 014 – 734 FAX : 044 – 200 – 0041

*Available 24/7

■ Para sa mga tanong tungkol sa equipment ng supply ng tubig

Ward ng Kawasaki, Ward ng Saiwai, Ward ng Nakahara

Southern Service Center

TEL : 044 – 544 – 5433 FAX : 044 – 544 – 3707

*8:30 am hanggang 5 pm mula Lunes hanggang Biyernes, sarado sa Sabado, Linggo, at mga pista opisyal

Ward ng Takatsu, Ward ng Miyamae

Central Service Center

TEL : 044 – 855 – 3232 FAX : 044 – 855 – 3242

*8:30 am hanggang 5 pm mula Lunes hanggang Biyernes, sarado sa Sabado, Linggo, at mga pista opisyal

Ward ng Tama, Ward ng Asao

Northern Service Center

TEL : 044 – 951 – 0303 FAX : 044 – 951 – 0677

*8:30 am hanggang 5 pm mula Lunes hanggang Biyernes, sarado sa Sabado, Linggo, at mga pista opisyal

[Homepage ng Kawasaki City Waterworks Bureau](#)

Kawasaki City Waterworks Bureau

[Maghanap](#)

■ Para sa mga tanong tungkol sa pangasiwaan ng lungsod ng Lungsod ng Kawasaki

Kawasaki City Contact Center **“Salamat, tawagan ang Kawasaki”**

8 am hanggang 9 pm (7 araw bawat linggo)

TEL : 044 – 200 – 3939 FAX : 044 – 200 – 3900

[Salamat, tawagan ang Kawasaki](#)

[Maghanap](#)